## Part 4: Ang Tungkol Sa Politica

### 4.4 GOVERNMENT OFFICIALS

Ang ikatlong institution na binigyan ni Jesu Cristo ng awtoridad sa kanilang nasasakupan (mamamayan) ay ang gobyerno-sibil. Pinagkaloob ni Cristo sa gobyerno-sibil ang pangangasiwa at pamamalakad ng kabuhayan ng mga mamamayan upang ang lipunan ay makapamuhay ng matahimik at ng may kabanalan.

**TIME OUT**

- Kanino ine-exercise ng gobyerno-sibil ang kanilang awtoridad? ____________________
- Ano ang tungkulin ng gobyerno-sibil sa kanilang nasasakupan?

  ______________________________________________________________________

  ______________________________________________________________________

**PAG-ISIPAN:**

| | |
|---|---|
| Ang aking alam | Bilang mamamayan ng bansa, responsibilidad ko na/ang: |
| | Makatarungan magpatalsik ng ng mga namumuno sa gobyerno kung: |

**PAG-ARALAN:**




Basahin ang mga talata at sagutin ang mga tanong.

- Roma 13: 1-7
  Ang bawat tao'y dapat pasakop sa mga pinuno ng pamahalaan, sapagkat walang pamahalaang hindi mula sa Diyos, at ang Diyos ang nagtatag ng mga pamahalaang umiiral. Kaya nga, ang lumalaban sa pamahalaan ay lumalaban sa itinalaga ng Diyos; at sila'y nararapat sa parusa. Ang mga pinuno ay hindi dapat katakutan ng taong gumagawa ng mabuti. Ang mga gumagawa lamang ng masama ang dapat matakot. Kung ayaw mong matakot sa mga namumuno,

gumawa ka ng mabuti, at pararangalan ka nila. Sila'y mga lingkod ng Diyos para sa ikabubuti mo. Ngunit kung gumagawa ka ng masama, dapat kang matakot dahil sila'y may kapangyarihang magparusa. Sila'y mga lingkod ng Diyos, na nagpaparusa sa mga gumagawa ng masama. Kaya nga, dapat kayong pasakop sa kanila, hindi lamang upang hindi kayo maparusahan, kundi alang-alang na rin sa inyong budhi.

Iyan din ang dahilan kung bakit kayo nagbabayad ng buwis. Ang mga pinuno ng pamahalaan ay mga lingkod ng Diyos at ito ang kanilang tungkulin. Ibigay ninyo sa bawat isa ang nararapat sa kanya. Magbayad kayo sa mga dapat bayaran at magbigay kayo ng buwis sa dapat buwisan; igalang ninyo ang dapat igalang at parangalan ninyo ang dapat parangalan.

- Mga Gawa 5:29
  Sumagot si Pedro at ang ibang mga apostol, "Sa Diyos kami dapat sumunod, at hindi sa tao.

- Ano ang dapat gawin ng mga tao/mamamayan sa mga pinuno ng pamahalaan na nag-eexercise ng awtoridad sa kanilang nasasakupan?

  ______________________________________________________________

- Sino ang kinakalaban ng tao sa tuwing lumalaban siya sa pamahalaan? _____________
- Sino lang ang dapat na natatakot sa pamahalaan? ______________________________
- Ayon kay Apostol Pedro, above all sino ang dapat na sinusunod ng tao? _____________

**PAG-USAPAN:**

Sinasabi ni Apostol Pablo na ang bawat tao ay dapat pasakop sa mga namamahala sapagkat walang gobyerno na hindi itinatag ng Diyos. Kaya nga, ang lumalaban sa pamahalaan ay lumalaban sa itinatag ng Diyos. Ang mga gumagawa ng mabuti ay walang dapat ipangamba sa gobyerno. Subalit ang gumagawa ng masama ay dapat matakot dahil ang gobyerno ay inarmasan upang sila ay parusahan.

Ang tanong ay ito: Kailan nagiging makatarungan ang pagpapatalsik ng mga namumuno sa gobyerno? Sinasabi sa Genesis 6:5 na nakita ng Diyos na labis ang karahasan at kapusukan ng mga tao at wala na silang ibang iniisip kundi kasamaan lamang. Ang tawag sa kalagayan ng lipunan kapag wala nang sumusunod sa batas ay Anarkiya. Inilalagay ng mga mamamayan ang batas sa sarili nilang mga kamay.

Kapag ang kalagayan ng bayan ay nahahalintulad na sa anarkiya kung saan ang batas ng bayan ay salungat na sa batas ng Diyos (Mga Gawa 5:29), kailangan na patalsikin ng mga mamamayan ang mga namumuno sa gobyerno **sa paraang walang karahasan** (gaya ng impeachment). Humahantong sa kalagayang ito ang isang bansa kapag ang kanyang mga mamamayan mismo ang walang pagsunod sa batas ng Diyos.





Unti-unting bumalik ang saya sa mukha ni Marco matapos makausap si Elder Leo. Naging maayos na muli ang pakitungo niya sa mga magulang at sumasama na siya muli sa mga tunay niyang kaibigan. Minsan nilapitan si Marco ng leader ng grupo na dati niyang sinamahan at niyaya siya na tumambay. Sa kanilang pagkwekuwentuhan, nabanggit ni Niño ang plano ng grupo. Niyaya niya si Marco na sumama sa kanila. Tumanggi si Marco sa kanyang imbitasyon. Sinabi niya na ang gagawin nila ay labag sa batas at maaari silang mapahamak at makulong. Natawa si Niño at sinabing hindi na siya makakasama sa kanilang grupo kung hindi siya sasama. Hindi ito naging hadlang upang magbago ang isip ni Marco, pinanindigan niya ang kanyang naunang sagot. Umalis si Niño sabay sabing "Magsisisi ka sa iyong desisyon."

Kinabukasan kalat na kalat sa paaralan ang sinapit ng grupo ni Niño. Nalaman ni Marco na nahuli ang grupo na nagshop lift sa isang electronics store. Agad na pumikit at nagpasalamat si Marco sa Diyos sapagkat niligtas Niya siya mula sa nangyari.

Ano kaya ang nangyari kay Marco kung sumama siya kila Niño?

______________________________________________

______________________________________________



Sa likod ng awtoridad ay responsibilidad. Ang mga magulang, church elders at government offiicials (elected man o appointed) ay binigyan ni Cristo ng kapangyarihan upang magampanan nila ang mga tungkulin na likas sa kanilang katungkulan. Subalit huwag nating kalimutan na ang sumasakop at sinasakop ay parehong may pananagutan sa Diyos. Ang mga anak sa tahanan, mga believers sa iglesya, at mga mamamayan sa isang bansa ay may responsibilidad na sundin ang mga patakarang itinatalaga ng mga may delegated authority na galing sa Diyos.

**PAG-BULAYBULAYAN:**

1. Kapansin-pansin ang involvement ng mga kabataan ngayon sa usapang politika. Paano mo ipapaliwanag sa isang kabataang gaya mo ang kahalagahan na magpasakop sa isang pinuno ng gobyerno kung ang mga sinasabi at pinapagawa sa mga mamamayan ay taliwas sa kanyang pinaniniwalaan?

   ______________________________________________

   ______________________________________________

2. Paano mo pinapakita ang iyong pagpapasakop sa ating gvernment officials? Magbigay ng specific na halimbawa.

   ______________________________________________

   ______________________________________________

<table>
<tr><td rowspan="2">Natutuhan ko na</td><td>Bilang mamamayan ng bansa, responsibilidad ko na/ang:</td></tr>
<tr><td>Makatarungan magpatalsik ng ng mga namumuno sa gobyerno kung:</td></tr>
</table>

**Verse of the Day:**

Ang bawat tao'y dapat pasakop sa mga pinuno ng pamahalaan, sapagkat walang pamahalaang hindi mula sa Diyos, at ang Diyos ang nagtatag ng mga pamahalaang umiiral. Kaya nga, ang lumalaban sa pamahalaan ay lumalaban sa itinalaga ng Diyos; at sila'y nararapat sa parusa. ***Roma 13:1-2***